PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 45 JANUARY 2 - 8, 2023 10.00

# Gov't target to build 6M housing units to benefit 30M Filipinos



**MANILA – The administration of President Ferdinand R. Marcos Jr. has stepped up efforts to address housing woes with the kick-off of its flagship program aimed at constructing over 6 million houses, which is expected to benefit some 30 million Filipinos.**

The Pambansang Pabahay para sa Pilipino (4PH) Program envisions to construct 6.15 million housing units over the next six years and involves the transformation of informal settlements into prime residential sites and waterfronts and the rehabilitation of esteros, according to the administration's 2022 year-end report.

Among the features of the program are in-city resettlement, high-density/vertical housing emphasis in highly urbanized areas, utilization of idle government lands and support of government financial institutions (GFIs) and private banks to provide development loans and end-user financing, among others.

It also involves the provision of interest support to reduce beneficiaries' monthly amortization, local government units (LGUs) as the lead in implementing housing projects and participation by private sector developers and contractors as partners.

As of Dec. 22, 2022, the Department of Human Settlements and Development (DHSUD) has signed

*see page 5*

## 94.45% ng target population, fully vaxxed na



MANILA, Philippines — Halos maabot na ang target population para sa pagbabakuna laban sa COVID-19 makaraang magtala ang Department of Health (DOH) ng 94.45%.

"Sumatotal nasa humigit 73.7 million ang bakunado sa ating bansa or 94.45% ng ating targeted or eligible population," ani DOH officer-in-charge Maria Rosario Vergeire, sa isang pulong balitaan.

Sa naturang bilang aniya, 21.1 milyong katao ang nakatanggap ng booster shot.

Nasa 3.7 milyon naman ang may second booster shot.

Nagpapatuloy pa rin naman ang pamahalaan sa pagtuturok ng bakuna sa mga mamamayan upang mas marami pa ang maprotektahan laban sa virus.

# Libreng sakay sa EDSA Busway, tigil na



*A conductor of EDSA carousel bus collects fares on Sunday. The 24-hour free EDSA Bus Carousel bus rides ended on December 31, 2022.*

MANILA, Philippines — Simula kahapon, -Enero 1, ay tigil-operas-yon na ang Libreng Sakay sa EDSA Busway sa ilalim ng Service Contrac-ting Program ng Department of Transportation (DOTr) at Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB).

Sa inilabas na Board Resolution, nag-o-operate na ang EDSA Busway sa ilalim ng Fare Box Scheme gamit ang Fare Matrix/Guide na aprubado ng LTFRB simula alas-5 ng mada-ling araw nitong Enero 1, 2023.

Nasa kabuuang 550 Public Utility Bus (PUB) mula sa dalawang consortia ang tumatakbo at maaring mag-operate sa EDSA Busway.

Anila, mapapalitan din ang ibang Point-to-Point Bus ng dalawang consortia sa EDSA Busway ng PUB Units na pasok sa ispesipikasyon ng iba pang PUB units sa naturang ruta.

Ang mga ipapalit na PUB ay kinakailangan namang mag-apply ng Special Permit bago makapasada sa EDSA Busway.

Anang LTFRB, lahat ng PUB units na bibiyahe sa EDSA Busway ay kailangan mag-apply ng Fare Matrix/Guide upang makasingil ng pamasahe sa mga pasahero.

Ang Fare Matrix/Guide ay nagbibigay ng otoridad sa mga PUV drivers na sumingil ng pasahe base sa fare rate na nakasaad sa naturang Fare Matrix/Guide.

Nagpaalala rin ang LTFRB sa mga PUB drivers na sumunod sa mga polisiya ng ahensya upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng mga pasahero.

Babala pa nito, ang sinumang mahuhuling lumalabag sa mga natu-rang polisiya ay papatawan ng karampatang parusa tulad ng pagkansela ng kanilang Certificate of Public Convenience (CPC) o prangkisa.

# Marcos Jr. sinuspindi 2023 PhilHealth rate hike kontra 'high inflation'



*President Ferdinand R. Marcos Jr. honored overseas Filipino workers (OFWs) on Friday and promised to ensure their welfare and interests, even that of their families in the Philippines, during a gift-giving event in Malacañang.*

MANILA, Philippines — Sinuspindi muna ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang mas mataas na kontribusyon sa PhilHealth premium mula 4% patungong 4.5% dahil sa bilis ng pagtaas ng presyo ng bilihin sa ilalim ng kanyang administrasyon.

Ito ang ibinahagi Office of the President sa pamamagitan ng Office of the Press Secretary, Lunes, patungkol sa nakatakdang premium rate hike ngayong 2023.

Kasama rin sa pinasususpindi ang pagtataas ng income ceiling mula P80,000 patungong P90,000 para sa bagong calendar year alinsunod sa Section 10 ng Republic Act 11223 o "Universal Health Care Act."

"In light of the prevailing socioeconomic challenges brought about by the COVID-19m pandemic, and to provide financial relief to our countrymen amidst these difficult times, please be informed that the President has directed the PhilHealth to suspend the abovementioned increase in premium rate and income ceiling for CY 2023, subject to applicable laws, rules and regulations," ayon sa memorandum na nilagdaan ni Executive Secretary Lucas Bersamin sa utos ni Marcos.

Kung natuloy, ang mga miyembrong kumikita ng P10,000 pababa buwan-buwan ay kakailanganin magbayad ng P450 kaysa sa kasalukuyang P400. Ang kontribusyon ay pinaghahatian ng employer at employee.

Taong 2021 lang nang i-defer ni dating Pangulong Rodrigo Duterte ang dagdag na singil sa buwanang premium payments sa Philhealth members dahil din sa epekto ng COVID-19 pandemic, lalo na't magiging dagdag pasanin pa raw ito sa publiko.

Dahil sa 'inflation'; UHC makikinabang sana

Paliwanag ng Department of Health at PhilHealth, nasabihan na sila patungkol sa desisyon ni Bongbong. Ito'y kahit

*SEE PAGE 3*

ACCEPTING ADS - 09975232302/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com



## Hot and Cold na Gamutan

### *Health tip ni Doc Willie Ong*

A. Hot Compress o ang paggamit ng mainit na tubig. May mga sakit na matutulungan ng paggamit ng hot compress o cold compress. Alamin natin ito.

Paano ginagawa ang hot compress?

1. Bumili ng water bag at lagyan ng mainit na tubig.

2. Gumamit ng babasaging bote at tuwalya. Lagyan ang bote ng mainit na tubig at balutin ng tuwalya para hindi kayo mapaso. Tantsahin na huwag sobrang init ang tubig.

3. Isang simpleng paraan: Basain ang tuwalya ng mainit na tubig. Pigain ito at ipatong sa apektadong lugar. Hot compress na din iyan.

4. Bumili ng ready-made na compress sa botika. Ilublob ito sa mainit na tubig.

Anong sakit ang puwedeng matulungan:

1. Pigsa at kuliti – Para mabilis mahinog ang pigsa, tapalan ng hot compress ang pigsa ng 10-15 minutos 3 beses sa maghapon. Mas lalambot at bibilis ang pagputok ng pigsa.

2. Pagkaraan ng 2-3 araw, puwedeng i-hot compress ang mga pilay (sprain).

3. Arthritis at sakit sa kasu-kasuan. Itapal ang hot compress sa mga parteng sumasakit. Mas sumasakit ang kasu-kasuan kapag taglamig. Magsuot ng pajama, long sleeves at medyas kapag malamig ang panahon.

4. Kahit anumang sakit ng laman, tulad ng hita, braso at likod. Pinaparelax ng hot compress ang ating masel. Subukan ito.

5. Humihilab na tiyan. Mababawasan din ang sakit ng tiyan dahil pinaparelax ang masel ng tiyan.

Bukod sa hot compress, mabisa din ang hot bath. Maligo ng mainit-init na tubig para maalis ang sakit ng katawan. Puwede din ang hot bath sa impeksyon sa ihi at sa almoranas.

B. Cold Compress o ang paggamit ng malamig na tubig.

Paano ginagawa ang cold compress?

1. Bumili ng water bag at lagyan ng malamig na tubig o yelo.

2. Gumamit ng plastic na supot o bote. Lagyan it ng malamig na tubig o yelo. Puwede ding palamigin muna sa refrigerator ang bote.

3. Bumili ng ready-made na compress sa botika. Palamigin ito sa refrigerator.

Anong sakit ang puwedeng matulungan:

1. Para sa mga kagat ng insekto. Mababawasan ng yelo ang pamamaga at pagkati ng sugat.

2. Unang 24 oras ng pagkakaroon ng pasa, pilay (sprain) at bukol. Mababawasan ng cold compress ang pagdurugo sa loob ng pasa, kaya hindi ito lalong mamamaga.

3. Kahit anong dumudugong sugat, tulad ng dumudugong ngipin at ilong. Makatutulong ang cold compress para mapabilis ang pagbuo ng dugo. Kapag dumudugo ang ilong, ipatong ang cold compress sa puno ng ilong at pisilin ito. Kapag bagong bunot ng ngipin, huwag muna kumain o uminom ng maiinit na pagkain.

4. Eye bags sa mukha. Ang malamig na tubig ay mabilis makatanggal ng pamamaga ng mukha.

8725-2200 • 8570-9115 • 8726-5011 • 8570-9118 • 8723-8738

DATA IMAGES PLUS
Automation Phil. Inc.




VERGEL C. DALUZ
0933-0465033 / 0927-2327276
Tel. No. (02) 8726-5011
email: vergel.daluz@yahoo.com

## EDITORYAL

## Lusawin na ang POGOs

Noong nakaraang taon, maraming mambabatas ang nagsusulong na suspendihin na ng gobyerno- ang operasyon ng Philippine Offshore Gaming operators (POGOs). Lalo pang nag-umigting ang pagnanais ng mga mambabatas na maitigil ang POGOs nang lumala ang kidnapping sa bansa na ang sangkot ay mga operator ng POGOs. Mga kapwa Chinese ang kinikidnap at saka pinatutubos. Bukod sa pangi-ngidnap, sangkot din sa human trafficking ang POGO operators. Nagre-recruit sila ng mga tao sa China, Vietnam at Myanmar para maging empleyado ng POGOs. Ang matindi walang papeles ang mga nire-recruit at pagdating sa bansa ay puwersahang pi-nagtatrabaho. Maraming na-rescue ang NBI na mga ni-recruit para sa POGOs. Ilan sa kanila ang naideport na sa pamamagitan ng Department of Justice.

Ang nakakatakot ay ang ginagawa ngayon ng POGO operators na hindi na kababayan nila ang kinikidnap kundi mga Pinoy na. Hindi na maganda ang nangyayaring ito kaya nararapat nang maputol ang operasyon ng POGOs sa bansa. Bago pa ma-dagdagan ang ginagawang pangingidnap, lusawin na ang POGOs ngayong taon na ito.

Isa si Sen. Grace Poe sa nagsusulong sa pagbuwag ng POGOs. Ito ay makaraang makaabot sa kaalaman niya ang pagkidnap sa hipag ng kanyang kaibigan kamakailan. Operator ng POGO ang sangkot sa kaso. Ayon sa kuwento ng senadora, inoperan- daw ang biktima ng trabaho na may suweldong P100,000 bawat buwan. Pero sa halip na trabaho, kinidnap ito at dinala sa isang bahay sa Cavite. Pag-dating sa Cavite, may mga lalaking mukhang Chinese na gusto siyang bilhin sa halagang P320,000. Nang mabili ang biktima-, nagmakaawa ito sa Chinese na palayain pero ang nangyari, ipinagbili uli ang biktima. Nakalaya lamang umano ang biktima nang magbayad ang bayaw nito ng P250,000.

Maaaring dumating ang araw na marami pang Pinoy ang kikidnapin at magiging hanapbuhay na ng mga Chinese na nagmimintina ng POGOs. Wala na silang makikidnap na kababayan kaya mga Pinoy na ang babalingan.

Bago pa mangyari ang paglubha ng krimen na kinasasangkutan ng POGOs, ipatigil na ang operasyon nito. Hindi na dapat hintayin pang may mapahamak dahil sa patuloy na operasyon.

Bukod sa ugat ng krimen ang POGOs, pasanin na rin ito ng pamahalaan. Ang masaklap, wala nang naiaakyat na pondo o kita sa pamahalaan ang POGOs. Ngayong 2023, sikapin nang lusawin ang POGOs.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER Ph EST. 2019
MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |






## CIDG credits PBBM's support in successful anti-criminality ops



*Criminal Investigation and Detection Group chief Brig. Gen. Ronald Lee (Photo courtesy of PNP)*

**MANILA** – The Philippine National Police (PNP) Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ended 2022 with a string of major accomplishments following the intensified anti-criminality operations.

CIDG chief Brig. Gen. Ronald Lee said the group was able to keep the momentum of the government's campaign against illegal drugs when it arrested 114 suspects during the 61 operations they conducted throughout the year.

A total PHP6,752,170 worth of illegal drugs was seized during these operations while 28 cases were filed in courts.

In the campaign against illegal gambling and game fixing, CIDG conducted 1,233 operations that resulted in the arrest of 4,136 people. At least PHP3 million worth of cash bets were confiscated and 1,083 cases were filed.

Lee also said CIDG conducted 8,621 manhunt operations against most wanted persons for various crimes across the country.

As for the campaign against loose firearms, a total of 1,582 operations were conducted that led to the arrest of 780 individuals and the filing of 387 cases. At least 13 people were killed during these operations while 918 firearms, 4,095 explosives, and 15,241 ammunition were confiscated.

Lee also said the CIDG held 183 operations against smuggling and counterfeiting that led to the confiscation of over PHP50 million worth of counterfeit items and the arrest of at least 300 people.

Meanwhile, CIDG conducted nine operations against illegal recruiters and traffickers. Fifteen were arrested in these operations while four cases were filed with the courts.

Also, the CIDG's campaign against unlawful destruction of natural resources resulted in a total of 262 operations, with 487 persons arrested, the confiscation or recovery of illegally cut lumber and other items worth PHP75,676,899 and the filing of 150 court cases.

Lee attributed these successes of the CIDG in its anti-criminality operations to the continuous support of President Ferdinand R. Marcos Jr.

"With the support of our President Ferdinand Marcos Jr., this resulted in an intensified law enforcement operation and a high satisfaction rating from our compatriots," Lee said in a statement issued on New Year's Day.

"These flagship projects have proven to be an effective and efficient law enforcement tool in providing the maximum or ultimate result in response and support to maintain peace and security in the country," he added.

Lee also took pride as CIDG supported other agencies and units in making breakthroughs and landmark accomplishments in several cases, including the neutralization of the notorious Warla Criminal Group of transwomen engaged in gunrunning and kidnapping of foreign nationals.

The group also played a vital role in solving the controversial case of missing cockfighting aficionados, and the continued investigation of Percival "Ka Percy Lapid" Mabasa's assassination.

The CIDG was also part of several police operations against unlicensed or illegal POGO operations, wherein operators were allegedly involved in the kidnapping and illegal detention of its employees and players who were mostly foreign nationals.

The CIDG Director said the success of the group was a concerted effort and a unified desire of those who championed a peaceful and safer nation for all Filipinos. ***(PNA)***

## Bong Go sa PhilHealth: Palawakin, -libreng medical check-up, konsultasyon

MANILA, Philippines — Hinimok ni Senator Christopher "Bong" Go ang Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) na palawakin ang libreng medical check-up at konsultasyon sa ilalim ng Comprehensive Outpatient Benefits Package nito.

Ito'y matapos aprubahan ang kanyang iminungkahing espesyal na probisyon sa ilalim ng badyet ng PhilHealth na tumutukoy sa paggamit sa P21 bilyong badyet para sa pagpapalawak ng benefits package sa ilalim ng Universal Health Care Act sa General Appropriations Act (GAA) ng 2023.


Nilagdaan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang Republic Act No. 11936 o 2023 GAA sa isang seremonyang dinaluhan ni Go sa Palasyo ng Malacañang noong Disyembre 16.

"I commend the adoption of my proposed special provision under the PhilHealth budget. I earlier proposed that this budget should be used for the expansion of free dialysis coverage, mental health outpatient coverage, the implementation of the comprehensive outpatient benefit package, including free medical check-ups and other increases in benefit packages," sabi ni Go.

"Regalo na natin iyan sa ating mga kababayan ngayong Pasko tungo sa Bagong Taon," dagdag niya.

Pinuri rin ng senador ang state insurer sa pagbibigay prayoridad nito sa kanyang panukala na magbigay ng libreng medical check-up sa lahat ng Pilipino sa pamamagitan ng Konsultasyong Sulit at Tama (Konsulta) Package.

Ang mga serbisyong inaalok sa PhilHealth Konsulta ay medical check-up, health screening at assessment, laboratoryo at diagnostic sa mga piling klinika, at mga piling gamot.




## GUHIT NG KAPALARAN

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang taglay na suliranin ay maaaring lumaki sa paglipas ng araw kung hindi mahahanapan ng solusyon ngayon. Ang dadaluhang salusalo ay may oportunidad na may kinalaman sa pera. Iwasan ang biglaang pagdedesisyon. Lucky numbers at color for the day ang 17, 24, 30, 37 at olive green.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Tuwirin mo ang iyong pagkakamali dahil alam mong tama sila. Matutupad at maibibi-gay ang naipangako. Lucky numbers at color for the day ang 3, 16, 28, 34 at violet.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Matutukso ka sa panlabas na anyo ng isang nilalang. Alamin ang puno't dulo bago magkumento o magdesisyon. Lucky numbers at color for the day ang 2, 3, 16, 25 at sky blue.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) Sabihin ang gustong sabihin dahil ito ang magbibigay ng suliranin sa kalaunan. Ma-ging tapat sa sarili at kapwa. Lucky numbers at color for the day ang 3, 5, 17, 32 at brown.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Tama ang desisyon, tawanan ang problema at hanapan ng solusyon. Magaan itong mairaraos. Lucky numbers at color for the day ang 15, 19, 26, 34 at milk white.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) Maganda ang epekto ng pakikipagkasundo sa matagal nang nakagalit. Dahil taglay ngayon ang mataas na antas ng karisma. Lucky numbers at col-or for the day ang 2, 4, 26, 29 at jade green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Bantayan ang linya ng komunikasyon mula sa nakaligtaang kaibigan o kamag-anak dahil may grasyang dara-ting. Lucky numbers at color for the day ang 7, 23, 36, 41 at blue.

LEO : (Hul. 23-Ago. 22) Huwag mangutang dahil mahihirapan na makabayad. Pakiramdaman at sundin ang kutob dahil malakas ang taglay na ESP. Lucky numbers at color for the day ang 4, 24, 27, 36 at beige.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Mag-relax para gumaan ang isip at kalooban. Huwag pansinin ang mang-aasar. Iwasan ang argument. Lucky numbers at color for the day ang 15, 28, 35, 44 at white.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Para mapanatili ang mataas na antas ng respeto ng kapwa, ipakita ang kabutihan at respeto sa iba. Lucky numbers at color for the day ang 12, 24, 36, 44 at orange.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Taglay ang talino na pagkakakitaan ng husto, kaysa sa kasalukuyang trbaho. Dapat itong pag-ukulan ng panahon. Lucky numbers at color for the day ang 9, 21, 35, 43 at red.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Magiging produktibo ang araw kung gugustuhin. Pagsikapan na isagawa ang mga aral na natutuhan. Lucky numbers at color for the day ang 5, 23, 38, 44 at fuchsia.

# Marcos administration prioritizes cheap, renewable energy

**MANILA** – The administration of Ferdinand R. Marcos Jr. will continue to pursue measures and policies to ensure the availability of cheap and reliable energy through the promotion and utilization of renewable energy (RE) sources.

This was the promise made by the Department of Energy (DOE) in its yearend report which identified major plans for 2023 including updating the Philippine Energy Plan, pursuing contingency measures and activities to ensure energy supply during critical periods, and pushing for the continued development of alternative fuel and improving access to electricity.



Marcos, in his first State of the Nation Address (SONA), said energy will be a "key sector" in the administration's push for economic growth and increased employment.

He said the country is searching for new power sources while improving the mix of the energy supply between traditional and renewable sources.

As part of these efforts, the DOE, in collaboration with the Energy Regulatory Commission (ERC), is set to develop policy and framework for new and emerging renewable energy (RE) technologies.

"These include offshore wind, waste-to-energy, expanded rooftop solar program as well as ocean and tidal stream energy," the DOE said in a news release on Sunday.

The DOE said the Marcos administration has increased investments in RE projects to meet the target of a 35 percent RE share in the country's power generation mix by 2030 and 50 percent by 2040.

From July 1 to Dec. 14, 2022, the DOE said it has awarded 41 RE service contracts with a potential capacity of 9.2 gigawatts (GW).

Of this number, around 6.2 GW of equivalent capacity will come from offshore wind (OSW) service contracts.

The DOE also issued 18 Certificates of Award to the winning bidders of the 1st Green Energy Auction Program (GEAP), with an aggregate capacity of 1,866.93 megawatts (MW).

To encourage more investors to develop and utilize RE, the DOE increased the annual percentage of Renewable Portfolio Standards for on-grid areas from 1 percent to 2.52 percent beginning 2023 and started preferential dispatch of all RE-generating units in the Wholesale Electricity Spot Market (WESM).

In November last year, the DOE also allowed 100 percent foreign capital in RE projects by amending the implementing rules and regulations (IRR) of the RE Act that had previously limited foreign ownership of RE projects to 40 percent.

The DOE has also endorsed to the Office of the President the draft Executive Order that would strengthen and rationalize the regulatory framework for the immediate development of the OSW.

Other accomplishments under the DOE include initiating the development of alternative fuels and implementing the government's Energy Resiliency Compliance Plan.

The DOE launched on Dec. 14 last year the National Energy Contingency Plan (NECP) for "The Big One," aimed at crafting harmonized multi-sectoral contingency plans and disaster response measures from energy stakeholders.

Together with the National Power Corp. (NPC), the DOE will also undertake its renewable energy development program, including the hybridization of diesel generating facilities, considering that 89 percent of the energy generation and capacity mix in off-grid areas came from oil-based sources.

Marcos, in his SONA, also expressed belief that it is time also to reexamine the country's strategy towards building nuclear power plants in the Philippines while complying with the International Atomic Energy Agency (IAEA) regulations for nuclear power plants.

The DOE said nuclear power is also an important part of the energy mix that the DOE is eyeing.

It will also update the existing Nuclear Road Map to guide both the Nuclear Energy Program Implementing Organization (NEPIO) and the Nuclear Energy Program Inter-Agency Committee (NEP-IAC) in addressing the challenges of the country's nuclear energy program. ***(PNA)***




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 45 JANUARY 2 - 8, 2023 10.00

# PNP compliant with SIM registration law



**MANILA** – As one of the major agencies tasked to go after cyber criminals, the Philippine National Police (PNP) has directed its personnel to immediately comply with the Subscriber Identity Module (SIM) Registration Act.

PNP chief, Gen. Rodolfo Azurin Jr., said their 227,000 officers and rank-and-file staff are also encouraged to ask their families and household members to register as mandated by Republic Act No. 11934.

"I directed the PNP DICTM (Directorate for Information and Communications Technology Management) to monitor the compliance of our personnel," Azurin said in a statement on Saturday.

The 180-day registration period started on Dec. 27 but may be extended by another 120 days if needed.

Existing SIM cards that will not be registered will be deactivated while new purchases should be registered upon purchase.

Over the years, Azurin said the threats of crimes involving technology are evolving and have even invaded personal communications.

"Through this timely and relevant legislation, we are closing all windows of opportunity for criminal elements to take advantage by soliciting the immediate compliance to the law of all mobile phone users," said Azurin.

"Rest assured that the PNP, under my leadership, will do all our best within our authority and mandate to make this happen," he added.

In a previous statement, Interior Secretary Benjamin Abalos Jr. said the "law will enable the Philippine National Police and other law enforcement agencies to quickly act on complaints and cases involving mobile scams as they will be able to easily track offenders and resolve misconduct involving telecommunication devices." ***(PNA)***

# Marcos nakiramay sa pagpanaw ni Pope Benedict



MANILA, Philippines — Nagpahayag ng pakikidalamhati si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa pagpanaw ni Pope Emeritus Benedict XVI nitong bagong taon.

Sa mensahe ni Marcos sa kanyang social media, sinabi niya ang matinding pagkalungkot dahil sa nalaman ang pagpanaw ng Pope sa edad na 95 sa kanyang bahay sa Vatican.

Nakikiisa umano ang Pilipinas sa pagdarasal para sa matiwasay na paglalakbay ng kaluluwa ni Pope Benedict, at kasama ring ipagdarasal ang naiwang pamilya nito.

"We are in deep sorrow upon learning of the passing of Pope Emeritus Benedict XVI today. The Philippines is one in offering our prayers for the eternal repose of his soul. We keep his loved ones in our prayers," sinabi pa ni Marcos.

Matatandaan na inanunsiyo ng vatican nitong Sabado Disyembre 31,2022 ang pagpanaw ni Pope Benedict dahil sa matagal ng karamdaman.

Pinangasiwaan ni Pope Benedict ang Simbahang katoliko sa loob ng walong taon at isa siya sa pinakamatandang nahalal na pinuno ng simbahang katoliko.